

1

“Yaya, you’re ugly! Ayoko sa ’yo!” Kinakalmot ng isang batang babaeng may apat na taong gulang ang yaya nitong halos nagulo na ang buhok at mamula ang katawan sa latay ng mga daliri ng paslit.

“Yaya Minda, ano na naman ’yan?” nakataas-kilay na tanong ng isang babaeng nasa thirties nito, artistahin ang ganda.

“Ma’am, si Selinda po malikot,” sumbong nito. “Kanina hinulog niya ’yung vase nila Mr. Santiago, nabiyak. Mahal daw ’yun, Ma’am,” nanlulumong pahayag ng katulong.

“Eh, Yaya, bakit hindi mo binabantayan nang mabuti?” Imbyernang kinarga ng babae ang bata at inismiran ang yaya. “Selinda, how often do I have to tell you to behave?” Hinaplos nito ang pisngi ng bata na nagsimula nang humikbi.

“Mommy, I really didn’t do it!” Dumila ang bata sa yaya nang yakapin ito ng ina.

“If you say so. Let’s go see Martin blow his candles, okay?”

“Okay, Mommy,” pahayag ng bata, tapos ay tumango-tango.

Nadatnan nila sa malaking dining hall ng mga Santiago ang kumpol ng mga bata na nakapalibot sa napakalaking cake na *Marvel*-inspired.

Nakatayo sa isang stool at nakaharap sa cake ang isang limang taong batang lalaki na abot-tainga ang ngiti.

“Okay, children, at the count of three, say ‘cheese’. Martin, don’t blow your candles yet!” anang photographer.

“Go, join the kids, Selinda, join Kuya Martin.” Ibinaba ng magandang babae ang kargang bata.

Masayang tinanaw ng babae ang anak nitong patakbong sumali sa kasayahan. Nang mamatay ang asawa nito sa isang airplane crash, mag-isa na lang nitong itinaguyod ang bata pati ang pagpapatakbo ng kompanyang naiwan ng kabiyak.

The woman promised her husband that she would do everything for their daughter’s happiness, palalakihin itong parang prinsesa, ibibigay ang lahat mapunan lamang ang maagang pagkaulila nito sa ama.

Hindi napansin ng ina nito kung saan dumerecho ang anak.

In Selinda's young mind, a playful scheme was running.

Nagpatuloy ang litratista. "One, two, three..."

Bago pa may nakapag-cheese ay napangudngod na ang mukha ng batang may kaarawan sa cake nitong sagana sa malagkit at makulay na icing. At saka lang tumigil ang maliliit na kamay ni Selinda sa pag-alog sa stool kung saan nakatayo ang batang lalaki.

Kung naka-slow-motion ang eksena ay makikita ang unti-unting pagnganga ng mga taong nakapaligid.

"Martin!" sigaw ng ama ng bata, at mabilis na kinarga ang anak na nakatitig sa nawasak nitong cake. Puno ng icing ang leeg at mukha nito.

Natigilan ito saglit at nang madiskubre ang kagimbal-gimbal na nangyari sa buhay nito ay napasigaw ito sa inis at pumalahaw ng iyak.

Ang mga batang binulungan ng kanilang anghel ay nakidalamhati, ang iba ay nakiiyak. Pero siyempre, may mga batang parang may napanood na episode ng *Tom and Jerry* at bumunghalit ng tawa.

Pero nang maalis ang atensyon sa batang lalaki, ay natuon ang mapanuring mata ng lahat sa batang babaeng salarin. Inosenteng ginantihan lang nito ng titig ang lahat.

“Selinda!” Isang malakas na palo ang natikman ng puwet nito. Galit itong umiyak.

Dismayado ang ina ng batang babae sa kahihiyang nagawa ng anak, pero di rin nito magawang pagalitan nang labis ang bata.

“Susmaryosep kang bata ka!” segunda ng yaya, “Demonyita talaga!” gigil pa nitong dagdag.

“I’m sorry, Mr. Santiago,” paumanhin ng ina ni Selinda sa lalaking may karga sa batang si Martin.

“It’s okay,” replied the man. Nililinis nito ang mukha ng anak gamit ang tissue.

“Daddy, she’s a devil!” Itinuro ni Martin ang batang babaeng umiiyak.

Napanganga ang batang si Selinda at sandaling tinitigan ang galit na galit na mga matang nakatutok sa kanya.

Matapos niyon, nagpalakasan ng iyak ang dalawang bata.

Taon ang dumaan, at hindi na naatim ng ina ni Selinda na dalhin siya sa kahit na ano pang birthday party mula nang mangyari ang insidente noong apat na taon siya. At hindi na rin siya kailanman nakapasok sa bahay ng mga Santiago. She was spoiled, sanay na nakukuha lahat ng gusto at laging pinagtutuunan ng atensyon.

At inosenteng dinidiligan ng ina ang kamalditahan niya. Dahil lagi itong abala sa trabaho, ang konsepto nito ukol sa pagmamahal ay ang pagbibigay ng mga bagay na ikalulugod ng anak. Sa kabila ng lahat ay lagi nitong sinasabi na siya ang pinakamagaling, pinakamaganda, at pinakaespesyal na bata sa buong mundo. Wala nang hihigit pa sa kanya.

Pero ang talagang 'higit' kay Selinda ay ang kasungitan.

“Selinda naman, male-late na tayo, kanina pa tapos ang break natin.” Nakangiwi na si Daphne, kabarkada at kaklase.

Patuloy lang na sinipat ni Selinda ang mukha sa harap ng salamin ng comfort room, kinuha muli ang lipstick at mas kinapalan ang kanina pang mapupulang labi.

Napailing na lamang ang kasama.

“Akala mo kung sinong pasikat, 'no?” anas ni Selinda. “Anak lang naman ng tsimay.”

Natawa ang kasama nito. “My gosh, Selinda, are you insecure with the newcomer?” Napaangat ang kilay ni Daphne.

“Duh! Ako? Mai-insecure? Buhusan ko man 'yun ng ilang litrong pabangong *Chanel*, mag-aamoy pobre pa rin.”

“I-try daw natin 'yan?” ngiti ni Daphne. “Ang chika sa akin ay pinapaaral daw 'yun ni Mr. Santiago. Matagal nang tsimay ang nanay niya d'un, pero nakapagtataakang noong after pa mabiyudo si Mr. Santiago saka lang inalok na pag-aaralin.”

“Baka lumalandi ang ina. Aam mo na, oportunidad na, pabor na sa yaman,” tugon ni Selinda.

Nagulat na lamang ang dalawa nang biglang bumukas ang steel door ng isang cubicle. Si Marie.

“Ako ba ang pinapag-usapan n'yo?” pigil at mahinahon nitong tanong, ngunit kitang-kita ang pamumula ng mukha.

Napaatras si Daphne, animo na-guilty sa ikinalat na balita.

Humakbang lang pauna si Selinda. “Bakit, ikaw lang ba ang anak ng tsimay dito sa buong eskuwela?” pagmamalinis nito.

Natahimik ang kaharap. “Narinig ko rin kasi ang apelyido ni Mr. Santiago.”

“Problema mo na ’yan, kung isa ka rin sa mga tao sa eskuwelahang ito na may among Santiago ang apelyido. Daph, tara na.” Mataray na inismiran ni Selinda ang galing sa cubicle.

Nang makitang wala na ang dalawa ay napakapit sa pader ang nakayukong si Marie at doon hinayaan ang sarili sa tahimik na pag-iyak.

“Martin, di ba personal mong kilala ’yung bagong junior student sa Science class? ’Yung parang anghel ang ganda, may number ka?” Malaki ang ngisi na ipinukol sa kanya ni Felix, goal keeper ng soccer team nila at pareho niyang senior.

Masama ang tingin na ibinalik niya rito. Kung may nakakakilala man sa best friend niya, siya iyon. Alam niya kung gaano ito ka-playboy. Kulang na lang ay matala ito sa *Guinness’ book* sa dami ng napaikot nito.

“Sino, si Marie?” Napailing-iling siya. “Akala ko ba si Selinda ang target mo, ha?”

Natawa ang kausap. “Trip ko lang si Selinda, ’no? Hindi iyon kaya ng powers ko. Baka maging impiyerno ang mundo ko kung nagsama kami. Tama ba, Marie ang pangalan niya?” Nabalik ang matamis na ngiti ni Felix.

Hindi alam ni Martin kung tatango siya.

“Hoy!” Siniko siya ng kaibigan. ”Huwag mong sabihing pinopormahan mo na ’yun kaya ayaw mong ireto sa ’kin?”

“Hindi, ah,” mabilis niyang tanggi. “Anak siya ni ‘Nay Berta, nakakaawa ’yun, kaya ‘wag mong pagdiskitahan.” Napangiwi siya.

“Ows?” mapanuring tanong ng best friend.

Naalala tuloy ni Martin ang naganap kaninang umaga.

Maaga siyang nagising kaya naisipan niyang gumawa ng cereal breakfast. Tinungo niya ang kusina. Nang ibubuhos na niya ang cereal sa bowl ay na-freeze sa hangin ang kamay niya nang may isang nilalang na nakatapis lang ng tuwalya na dumaan sa harapan niya.

Naimpit din ang tili ng nilalang nang mabungaran siya.

“Sorry...” Napayuko ito. “Sir,” dugtong nito.

Napatikhim siya.

“Wala kasing tubig d’un sa banyo sa quarters nila Nanay, kaya nakiligo na lang ako dito sa ibabang banyo n’yo. Sorry po talaga,” hinging-paumanhin nito.

“O-okay lang,” aniya, hindi mapigilang idako ang tingin sa mga binti nito.

Nang maramdaman kung saan nakadako ang tingin niya ay napaubo ang kaharap.

“Una na ‘ko,” anito.

Tatawagin sana niya ito para magpaumanhin, pero halos lumipad ang dalaga papalayo, hawak nang mahigpit ang tapis at damit nito.

Sakay ng scooter papuntang eskuwela, nahagip muli ng paningin niya ang nilalang na si Marie. Napansin niya kanina mula sa kanyang kuwarto na palabas na ito ng gate.

Ngayon ay pinupunasan nito ng panyo ang

pawisan nitong noo.

Kanina pa siguro ito naglalakad, kawawa naman. Ang ganda talaga kahit pa pinagpapawisan, walang kaarte han sa katawan, napakasimple ng ganda. Ganoon ang tipo niya sa babae. Iyong simple, mahinhin at higit sa lahat, mabuti ang kalooban.

Hindi napigilan ni Martin ang sarili na ihinto sa gilid ng kalsada ang scooter at hintayin si Marie.

“Marie!” tawag niya. Napahinto naman ito at nilingon siya.

“Sir?” Kumunot ang noo nito, tila nagtaka nang makita siya. “Ano’ng ginagawa n’yo diyan?”

Hinihintay kita, sabay na tayo.

“Ah, wala.” Napakamot siya sa ulo. “May tiningnan lang ako sandali doon.” Itinuro niya ang isang palikong kalye. “Halika, sakay ka na lang dito, malayo-layo pa ang school, libre ’to,” offer niya.

“Ah, naku! ’Wag na po, ilang linggo ko na rin itong ginagawa at sanay na akong maglakad. Exercise na rin po.” Tumawa ito.

“Wag mo na nga akong i-po, parang ang tanda ko naman.” Tumawa rin siya. “Martin na lang. Halika na.” Ini-on na niya ang scooter.

Bago magpasukan ay nalaman ni Martin na makikitira ang dalawang anak ni ‘Nay Berta sa kanila. Noong bumagyo sa parte ng Ilocos, isa ang bahay nila sa mga nasira.

Ang malungkot na balita, kasamang namatay sa delubyo ang lola ng mga bata na nagbabantay sa mga ito habang nagsisilbi sa kanilang mag-ama si ‘Nay Berta. Nag-alok ang daddy niya ng tulong at napapayag nito ang kanilang katiwala na sa bahay nila manirahan si Marie at ang walong taon nitong kapatid na si Bernie.

May hitsura rin naman si ‘Nay Berta kahit halatang laki sa hirap, kaya nang una niyang masilayan si Marie, hindi na siya nagtaka sa angking ganda ng dalagita.

Tila naguguluhan pa rin si Marie, ngunit sa pangungulit niya ay napaangkas din ito. Nang una ay di ito yumayapos sa kanya, ngunit nang di-sinasadyang mapabilis ang takbo niya, napakapit na rin ito sa baywang niya. Lihim tuloy siyang napangiti.

Selinda sat motionless in the car. Ang totoo ay kanina pa naka-park ang kotse.

“Ma’am, hindi pa po kayo bababa?” anas ng

driver.

“May pupuntahan ka, Manong? Nagmamadali?”
inis niyang balik.

Ibinalik niya ang tingin sa scooter ni Martin. She was upset if not demoralized by the fact na angkas nito si Marie, ang bagong saltang kaklase niya.

Kasama ba sa suwerteng ipinamudmod dito ang libreng school service? Hindi siya nagseselos. Hindi niya type si Martin. Hindi sila close. Higit sa lahat, ito ang unang taong tumawag sa kanya ng demonyita.

Hindi lang talaga niya matiis ang anghel-anghelan mode ni Marie.

She knew that Felix liked her. Sino bang hindi magkakagusto sa kanya? Ngunit nabaling daw ang interes nito kay Marie, according to her sources. May balak yata ang Marie na ito na agawin ang limelight mula sa kanya.

She couldn't simply sit and stare, could she? Hindi niya gustong natatapakan ng kung sinu-sino lang.

2

“Ikaw na ’yan, Selinda, promise!” excited na bulong ni Daphne.

Kasalukuyang inaanunsyo ng guro nila ang magaganap na Year Level Presentation para sa Foundation Day ng school nila. Napagdesisyunan ng faculty na itoka sa juniors ang theater drama production.

“I-congratulate natin si Amy, ang concept at script niya ang napili ng faculty para sa play.” Pinatayo ng guro ang isa nilang kaklase.

Nagpalakpakan sila.

“I’m really proud of you, class. Aside from Amy, apat pa dito ang napili at inirekomenda ng Arts and Drama teacher n’yo para mag-participate sa story. Iyong hindi napili, huwag kayong malungkot, magtutulungan tayo para sa decoration ng stage at paggawa ng props.”

Hinawakan ni Daphne ang kamay ni Selinda. Confident siyang ngumiti. Sigurado niyang siya ang makakakuha sa lead female role. Siya yata ang paborito ni Mrs. Flavio.

“Let’s congratulate Patrick, Yvonne, Selinda...”

Napolis ang malapad na ngiti niya nang marinig ang sumunod.

“And most importantly, Marie, for getting the lead role in the drama. Palakpakan natin silang lahat,” masayang pahayag ng guro. Umalis na ito pagkatapos niyon.

Nanginginig na tumayo si Selinda, namataan ang masayang pagtayo at paglapit ng mga kaklase kay Marie na nagchi-cheer para rito.

“Selin—” Sinubukan siyang pigilan ni Daphne ngunit mabilis na niyang nilipad ang ilang metrong pagitan nila ni Marie.

“Congratulations!” peke niyang sambit, plastic ang ngiti.

“Thanks, Selinda, congrats rin sa ’yo,” kimi nitong tugon.

“Oh, no thanks. You misunderstood. I wanted to congratulate you sa pang-aagaw sa posisyon ko. I don’t know how you did it, kabago-bago mo dito, grabe na ang paninipsip mo!” Nanlilisik na tinitigan niya ang kaharap.

“Selinda!” saway ng class monitor nila.

Umikot ang mga mata niya. “Feeling n’yo hero kayo kung ipagtanggol n’yo siya. Bakit kapag nakatalikod kayo, kung anu-anong panlalait naman dito kay Marie ang bukambibig n’yo?” aniya. “Oh, well, let’s just see during the presentation kung may ibubuga ka nga.”

Napanganga si Marie, may namuong butil ng luha sa mga mata nito.

“Marie, don’t mind her,” payo ng isang kaklase na masama ang titig kay Selinda. “Kulang lang ‘yan sa pansin.”

Inirapan niya ang nagsalita at inis na nag-walkout sa silid.

Nang mahimasmasan sa comfort room ay napagpasyahan ni Selinda na lumabas na. Laking gulat niya nang eksaktong paglabas niya ay may malakas na puwersa na humablot sa braso niya. Bago pa man siya nakasigaw ay mabilis na siyang nakaladkad ng may bitbit sa kanya sa likod ng palikuran. Napakahigpit ng pagkakahawak nito sa braso niya, parang pinipiga siya.

“M-Martin?” Laking gulat niya nang masilayan ang kaharap na ibinalandra ang katawan niya sa

katawan ng isang malaking puno. Sa pagkakatingin nito, parang gusto nitong maglaho siya sa mundo.

Ang hudyo, napakaguwapo naman pala pag malapitan, nadiskubre niya.

Nang tila mapansing halos isang pulgada lamang ang layo ng mga mukha nila ay agad na napaatras si Martin, ipinosisyon ang dalawang kamay sa mga balikat niya, upang hindi siya makagalaw.

“Stop doing things like that to Marie!” Nagbabanta ang tono nito.

“Oh, my...” Pinaikot niya ang mga mata. “Sumbungera din pala siya.”

Madilim itong napailing. “Hindi siya ang nagsumbong sa ’kin, kaklase n’yo. Selinda, I know your mean tactics, pero ’wag mong idamay si Marie. Pakiusap lang, kung ayaw mong makitang masapak ng lalaki ang isang babae,” singhal nito.

Sa sinabi nitong iyon, parang may naputol na maliit na ugat sa puso niya. Something inside her ached.

“Ba’t ka natahimik?” naguguluhang puna ng binata.

“Wala, naa-amuse lang ako. Ba’t mo to ginagawa?”

Itinaas niya ang kilay.

Binitawan siya nito. “Wala lang, wala ka nang pakialam d’un!”

“Talaga?” Tumawa siya. “Wala lang ba talaga o hindi mo namamalayan na nadadala ka na rin sa pagpi-flirt ng anak ng katulong n’yo?” akusa niya.

Wala sa hinagap niya ang sunod na ginawa ni Martin. Muli siyang hinagip nito at malakas na idiniin sa puno, hinapit nito ang baywang niya. Hinagip nito ang baba niya at itinaas ang kanyang mukha.

“Martin...” Napapikit siya.

Nang maramdamang wala naman itong ginawa pagkatapos ng ilang sandali niyang pagpikit ay nagmulat muli siya ng mga mata. Nakatunghay si Martin sa kanya at matagumpay itong nakangisi.

“You see, you’re not as special as you think, Selinda.” Binitawan siya nito na muntik na niyang ikabuwal.

Napamura siya. Nagpatuloy ito.

“Hindi ko alam kung bakit galit ka sa mundo, wala na akong pakialam kung bakit, o kung bakit galit ka kay Marie. Pero tandaan mo, huwag na huwag mong sasaktan ang mga taong walang ginawang

masama sa 'yo. Ang alam ko lang, hindi ko tinitingnan bilang anak ng katulong si Marie. Si Marie ay si Marie, at mabuti siyang tao, kaya huwag mo siyang pagbalakan man lang na saktan. Huwag mo siyang pagpraktisan ng kasamaan mo!" Makahulugan siya nitong tinitigan.

"Sabihin mo rin sa kanyang huwag kakalat-kalat sa mundo ko!" galit niyang tugon.

Pati ikaw, 'wag kang kakalat-kalat sa mundo ko. Loko 'to, mananantsing sa 'kin 'tapos le-lecture-an ako ng good moral and right conduct?

"Excuse me, Prince Charming kuno." Itinulak niya ang nakaharang pa rin nitong bulto pagkatapos ay walang lingon-likod na naglakad palayo rito.

Napabuga ng hangin si Martin. "And you're the wicked witch," maasim nitong bulong.

Nagsimula ang practice para sa school drama. Umiikot ang script sa isang babaeng mataas ang pangarap. May talent ito sa pag-awit, ngunit sa paglalakbay nito ay natuklasan nito ang pag-ibig sa katauhan ng isang sikat na pianista. Ngunit dahil sa katayuan sa buhay ng lalaki ay maraming tutol sa pagmamahalan ng dalawa, tulad na lang ng kapatid

nito na ang role ay ginagampanan ni Selinda.

Tama, iyon ang role ng dalaga sa play—kapatid ni Marie na sagabal sa pangarap nito.

Sa biglaang pagkamatay ng pianista ay masusubok ang tatag ng pagkatao ng mang-aawit at madidiskubre niya ang mga taong makakatulong sa kanya upang lagpasan ang mga pagsubok niya at tuluyang abutin ang kanyang bituin. Ang script ay nakasentro sa tema ng pag-ibig at sa kahalagahan ng pangarap.

Isa sa mga rason kung bakit napili si Marie sa lead role ay dahil sa taglay nitong mala-anghel na tinig, na sa kasawiang palad ay hindi ibiniyaya kay Selinda, gaano man ito kaganda at kagaling umarte.

Madalas, nagpa-practice sa hardin ng mga Santiago si Marie at palihim itong pinagmamasdan mula sa bintana ni Martin. Minsan nga, bumaba ang binata sa hardin at galak na pinakinggan ang boses ng dalaga. Unti-unti, bawat araw, mas umuusbong ang paghanga niya para rito.

Malakas na pito ng coach ang nagpatigil ng soccer practice match nila Martin. Malakas siyang sinipulan ni Felix mula sa kabilang side ng soccer net at tumawa ito. Ikatlong goal na ng team nila mula sa

kanyang kick bilang forward. Tinapik siya ng isang kasamahan.

“Good job, Santiago!” Sinipat ng tabaing coach na si Mr. Hernandez ang ulo niya at tinawag na ang opposing team nila upang bigyan ng advice ukol sa depensa.

Naupo na sila sa tatlong palapag na wooden bleachers sa gilid ng scoreboard. Inabutan sila ng nakangiting waterboy ng tig-isang bote ng mineral water.

“Inspired ka ba? Mukhang gusto mong sirain ang net ni Mackie, ha, ang payat pa naman n’un!” tudyo ni Felix na tinutukoy ang isa pang goalie.

“Sinaniban lang ako ni Beckham, Pare!” Ngumisi siya rito at pinahiran ng bimpang pawis.

Napansin niya ang nagkumpulang mga babae sa gilid ng bleachers na mukhang mga freshie na nakatulala sa kanila.

“Hello, girls!” Lumingon si Felix at kinawayan ang mga ito. Tumayo ito at nilapitan ang mukhang kinilig na mga babae. Napailing na lang siya at binuksan na ang bottled water.

Pag-inom niya, napansin niya ang grupo ng mga

nagpa-practice na cheerleaders sa kabilang dulo ng field. Nabanaag niya ang isang squad member na patakbong lumapit sa lokasyon nila.

Hingal na napatigil ang medyo singkitin na babae sa bleacher. “Patulong please, nagkaaberya sa practice. May nahulog, Kuya, parang nabalian,” problemado nitong pahayag.

Nagpalinga-linga si Martin at napakunot. “A-ako ba ang kinakausap mo? Sa clinic n’yo dalhin, ’asan ba ang coach n’yo?” tanong niya.

“Wala, eh, basta! Halika na!” taranta nitong pahayag at hinigit siya paalis sa bleacher. Napalingon siya ngunit seryoso ang coach at iba pang players na nakayuko sa isang board. Napatakbo na rin tuloy siya at inako na ang responsibilidad sa pagtulong. May kaunting alam siya sa first aid.

Nadatnan niyang pinaiikutan ng ilang members na sa tantiya niya ay sophomores halos lahat, ang isang dalagitang nakayuko. Nagulat siya sa nakita.

Si Selinda ang mismong nakaupo sa Bermuda grass, hawak ng isang kamay nito ang sakong at ang isang kamay ay nasa kabilang tuhod. Hindi niya alam kung ano ang sasabihin at hinawakan ang namumula nitong tuhod.

“Aray!” piksi ng dalaga, at masama ang gulat na titig sa kanya.

“K-Kuya! K-kargahin mo na si Ate Selinda! Nahulog siya sa lifting kanina,” tarantang tili ng mga nakapaligid.

Wala siyang nagawa kundi buhatin ang dalaga. “Baka sprain lang ’yan,” maasim niyang saad sa nakangiwing dalaga na mukha talagang nasaktan sa pagkahulog. “Bakit wala ang coach n’yo?” tanong niya nang makalayo-layo sila.

Nakasunod sa kanila ang ilang kasama nito sa practice kanina.

“Unsupervised practice,” nakangiwing sagot nito, “nagpapaturo kasi ang mga sophies ng lifting para sa audition nila.”

“Ah, so nagpapasikat ka lang sa sophies,” nakangising sabi niya.

“B-bitiwang mo nga ako! Ba’t ikaw ang tinawag nila? Si Felix ang tinuro kong tawagin, ah!” imbyernang tugon nito.

“Gusto mo bang ihulog kita? Wala pa tayo sa clinic,” maasim na paalala niya. Nang makarating sa clinic ay marahang iniupo niya ito sa silya, inasikaso

ito ng nurse, at pumasok na rin ang nag-aalalang mga kasamahan nito.

“Ang bigat mo!” pabirong kutya niya.

“Heh! Umalis ka na, hindi kita pasasalamatan!” ismid nito na ikinatawa niya.

Habang pinagmamasdan niya ito, naisip niyang pang-cheerleader ang ganda nito. May usap-usapan na ito ang magiging next head cheerleader. Bukod sa maganda nga ang pangangatawan nito ay mataas at shapely ang napakaputing mga binti ng dalaga na hantad sa maikli nitong costume. Selinda had creamy skin—really smooth and soft, and very fair. Napakakinis nito.

Maganda rin siguro ito kung nakangiti.

Pinandilatan siya nito at naitigil niya ang pagtitig dito.

Sinapo ni Selinda ang noo, naiimbyerna na siya at naiinip na rin, ilang scenes pa ang hihintayin niya bago pumailanlang sa center stage si Marie at kantahin ang piece nito. Hinipo niya ang paa at tuhod, mabuti naman at hindi siya nabalian, sprain lang ang natamo niya sa nangyaring aksidente. Naalala niya

tuloy ang kumarga sa kanya...

Nasa backstage siya at naghihintay sa susunod niyang eksena, ang highlight ng role niya, dahil doon niya isisiwalat sa leading lady na patay na ang iniibig nito at tatawa siya na parang baliw.

Tumunog ang cellphone niya. “Daphne, what’s wrong?”

“Selinda, sigurado ka bang itutuloy natin ’to?” May pagdadalawang-isip sa tinig ng kaibigan.

“Daphne, ano ka ba naman, ngayon ka pa aatras? Ikaw itong nag-suggest na gawin iyan, di ba?” paalala niya.

“Selinda...” Naiiyak na ito. “Hindi ka ba naaawa sa kanya?”

“Why should I?” Napataas ang boses niya. “Sino ba siya, ha? Hay naku! Daphne, malapit na ang eksena ko, kaya hintayin mo na lang ’yung cue kung kelan mo pipindutin ’yang remote mo. Sigurado akong matututo na ’yang Marie na ’yan pag nabuhusan siya ng sandamakmak na putik sa mukha niya.”

Napatili ang nasa kabilang linya. Pagkatapos ay biglang naputol ang tawag.

“Parang ewan!” Kunot-noong tinitigan ni Selinda

ang phone. Itinuon niya ulit ang sarili sa pag-aayos ng hairdo niya.

Takot na napanganga si Daphne sa poot na nakita sa mga mata ni Martin. Kani-kanina lamang, hindi niya namataang nasa likuran pala niya ito, kaybilis ng kamay nito nang hablutin ang cellphone niya. Siguradong may narinig itong ikapupoot talaga nito. Napatili na lang siya, tulong pang-warning kay Selinda.

“Martin, hindi ko na itutuloy, sorry na. Ito na ’yung remote.” Iniabot niya rito ang remote.

Hinablot iyon ni Martin. “Si Selinda?” nanggagalaiti nitong tanong.

“Sa... sa backstage. Scene na niya pagkatapos nito. Martin, pabaya mo na lang, hindi na naman natuloy, eh,” pagsusumamo niya.

“Alam n’yo, hindi ko malaman kung tao kayo, kasi pang-hayop na ang ugali n’yo!” galit nitong singhal.

“Martin!” Hindi na napigil ni Daphne ang mabilis na pag-alis ng binata. Nanlaki ang mga mata niya sa nahulaang gagawin nito. Dinala nito ang cellphone niya hindi niya magawang tawagan ang kaibigan.

Wala siyang magawa kundi makipagpaligsahan ng takbo kay Martin papunta sa backstage.

Nakapagtawag tuloy siya ng santo at santa, tiyak parang bulkang sasabog si Selinda pag nasira ang araw at plano nito. Nang marating niya ang backstage, ilang performers ang naroon na animo problemado. Nang inspeksyunin niya ang paligid, nakita niya ang nakakalat na makeup set ng kaibigan.

“Nakita n’yo si Selinda?” nag-aalalang tanong niya.

“Hindi. ’Yun nga ang problema, papunta na siya ng stage. Eksena na niya, ’tas biglang may senior na humablot at kumarga sa kanya. Naman, masisira ni Selinda ang flow ng script,” anang nakausap.

Parang si *Lightning Bolt* sa bilis si Martin nang pangkuin si Selinda.

“Put me down! Put me down!” Hindi nauubusan ng hangin si Selinda, abot-langit ang lakas ng hiyaw niya, kasing-lakas ng paghampas niya kay Martin. Ilang ulit din niyang kinalmots ito, ngunit tila wala itong pakiramdam. Sadyang napakalakas nito at parang di iniinda ang bigat niya. Nakatulong nang malaki ang training nito sa soccer sa stamina nito.

“I warned you, Selinda, I told you once na ’wag mong gagalawin si Marie!” galit nitong lecture habang karga pa rin siya. “Mabuti na lang at nalaman ko ang plano mo, kung di, mas matindi pa ang matitikman mo kung ipinahiya mo si Marie,” matigas nitong bigkas.

“Hindi ko alam ang ibinibintang mo!” naiinis na sagot niya.

“You’re not only a scheming devil, you’re a liar too!” patuloy ng binata. “Alam ko ang plano n’yong pagbubuhos ng putik kay Marie.”

Selinda saw his eyes spitting fire, parang gusto siyang sunugin.

3

Ibinaba ni Martin si Selinda sa open field, pareho silang naghahabol ng hininga. Napaupo siya sa damuhan at itinuon ang mga mata sa gym na may isang kilometro ang layo sa kanila.

“I don’t care kung alam mo! You ruined my scene, ako na dapat ang aakyat d’un! Magbabayad ka, Martin, sinira mo ang araw ko!” Nakapamaywang na dinuro siya ng dalaga at galit na napasigaw.

Magaling, ito pa talaga ang may balak magmaktol! Nasaan ba ang puso ng babaeng ito, nasa paa?

“Di bumalik ka sa gym, takbuhin mo ’yang field na ’yan kung kaya mo.” Napaismid siya, hinihinal pa rin.

Hindi rin siya makapaniwalang nakaya niyang takbuhin ang field at tawirin iyon na karga ang dalaga, may plus pang kalmot at sampal na bonus. Adrenaline rush siguro, nasabay pa sa umaapoy niyang inis at galit.

“Tatakbuhin ko talaga!” naiiyak nitong tugon. Hinubad nito ang suot na sandals at sumibad nga.

Tatlong metro pa lang ang natatakbo nito ay nadulas na ito at dumausdos sa basang damuhan. Kauulan lang kasi. Pumalahaw ito ng iyak.

“A devil’s cry.” Hindi malaman ni Martin kung maa-amuse o lalong maiinis dito.

Nilapitan niya ang dalagang nasa damuhan. Nagpaka-gentleman siya at inilahad dito ang palad.

“Tse!” Galit lamang siyang inirapan nito. “You ruined my show.”

“Your show? Bakit, ikaw ba ang bida?” pamimilosopo niya. ”Selinda, magpasalamat ka sa akin at pinigilan kita. Ewan ko kung ano na namang nakain mo para planuhin ’yun. Ano ba sa tingin mo ang makukuha mo sa ginagawa mo, ha?”

Satisfaction, Martin, satisfaction. Dahil ako dapat ang bida.

“Tapatin mo nga ako, Selinda, ginagawa mo ba ’to kay Marie dahil may gusto ka sa akin? Kaya ba galit na galit ka sa kanya?” patuloy niya.

Eksaherada itong tumawa. “Oh my gosh, Martin! Ano’ng tingin mo sa ’kin—wicked witch at kayo ni Marie sina Snow White at Prince Charming? Kung may gusto ako sa iyo at nagpapapansin lang, matagal

ko nang ipinaburol nang buhay lahat ng miyembro ng fan club mo!”

Tumayo ito nang di tinatanggap ang kamay niya at pinagpag ang puwetang at ibabang parte ng silk purple gown nito na ngayon ay putikan na.

“Talaga? Let’s see if you’re not lying this time, Witch,” tugon niya.

Nagdalawang-isip si Selinda kung aatras, pero hindi na niya nagawang ihakbang pabalik ang paa nang mabilis siyang kabigin ni Martin. Noon lang siya nakadama ng ganoong klase ng takot.

“Martin!” sigaw niya. Nagpumiglas siya nang madama na mas hinigpitan nito ang pagyapos sa kanya. “Hoy! Sisigaw ako ng rape!” tili niya.

“Talaga? Ba’t wina-warning-an mo pa ’ko? Aminin mo na lang na may gusto ka talaga sa akin,” saad nito at mas pinaglapit ang mukha nila.

Walang warning na sinakop ng binata ang mga labi niya.

Ito ang first kiss niya. Maldita man siya ay hindi naman siya kerengkeng na nagpapahawak at nagpapagalaw lang sa kung sinu-sino.

Pero first kiss man niya si Martin, alam niyang walang katugong emosyon galing dito ang iginawad nitong halik. Hindi iyon marahan, sa halip ay para lamang siya nitong pinaparusahan.

“Hmm...” anas niya, nalilito kung nasaksaktan o nagugustuhan ang ginagawa ng binata. Napakapit siya sa batok nito.

Marahas ang halik ni Martin, parang hinihigop ang hangin mula sa baga niya, galit at mabilis nitong idiniin pa ang pagkakalapat ng mga labi sa kanya.

Matagal ang ginawang paglasap nito sa bibig niya.

Huli na para sawayin niya ang sarili, nakapagpakawala na siya ng munting ungol.

Sa isang iglap ay itinulak siya palayo ni Martin. Sa pagkakatitig nito sa kanya, parang ipinahahatid nito kung gaano siya kaliit sa paningin nito.

“I knew it!” he exhaled sourly.

Nagimbal siya ngunit ismarte ring nakahagilap ng linya.

“Well, okay na rin, papasa na. Pwe!” maarte niyang pinahiran ang labi, pero ang totoo’y nanginginig pa ang mga tuhod niya.

“Alam mo, Selinda, you can be anything you want, maybe you can have everything you wish for, but you will never be someone’s princess!” makahulugan nitong pahayag. “So, don’t fool around hurting mine.”

At nilayasan siya nito.

Tigagal siya sa nangyari, sinundan ng titig ang lalaki, at nasapo ang dibdib pagkuwan.

Martin, alam mo bang mas binibigyan mo ako ng rason upang saktan si Marie? Lalo na’t ipinaalam mo sa akin na puwedeng ikaw ang dahilan ng pagkamuhi ko sa kanya.

Nagtapos ang batch nila Martin. Narinig niyang lumipad si Martin papuntang Amerika upang doon ituloy ang pag-aaral. Senior students na sila, maliliit na panggugulo na lang ang ginagawa niya kay Marie. Mahirap na ring dumiskarte, nakabuo na ito ng solid set of friends na tila bodyguards at look-out laban sa kanilang ala ‘mean girls’ na grupo. Naging busy rin siya sa cheer squad ng eskuwelahan nila. Ngunit sumulak na naman ang dugo niya rito nang ipagkalat nitong magiging partner nito si Martin sa darating na Seniors’ Ball.

Ang totoo, simula nang mapangahas siyang

halikan ni Martin noon, hindi na niya maialis sa isip niya ang binata.

She liked him, at dahil naniniwalang makukuha niya ang lahat ng gusto niya, may ginawa siya noong graduation ni Martin. Dahil desperada siyang mapansin nito.

“Marie, di ba inaya ka rin ni Steve, ’yung taga-ibang section? ’Tapos nag-text din sa ’yo si Kuya Felix, sabihin mo naman kung sino ang partner mo sa Seniors’ Ball?” parang nakikiliti na tanong ng kaberks ni Marie.

Napanguso na nakinig lang si Selinda habang nakaupo sa silya niya. Iniinom niya ang pineapple juice habang kinakain ang baong *Waldorf* salad.

Mahirap nang mag-gain ng extra pounds, naisip niya.

Target niya ngayon na maging Ball Queen, kailangan niya ang record para matapalan at mairerose sa isip ng ’haters’ niya ang nagawa niyang problema sa theater production noon. At bilang head cheerleader, kailangan talaga niyang bantayan ang kinakain niya.

Ang problema niya ay kung saan makakakuha ng perfect escort. Puro galunggong pa lang ang

lumalapit sa kanya, kung hindi weird ay puro nerd.

“Wala, eh, baka hindi na nga ako pumunta sa ball, gastos lang ’yan.” Mahinhin itong tumawa. “Wala naman akong magandang gown.”

Tama ’yan, baka gown pa mula sa baul ng kalalolalahan mo ang suotin mo, mapapahiya ka lang.

“Eh, bakit ang ganda ng ngiti mo?” susog pa ng kausap nito.

Namula si Marie. “Hindi pa talaga sigurado pero may nag-alok na samahan ako sa ball.”

Nahagip ni Selinda ang pagbulong ni Marie sa kausap. Napabulalas ang kaklase nilang iyon.

“Talaga? Uuwi lang si Martin para maging escort mo?” tili nito, maagap itong sinaway ni Marie.

“Shh, hindi pa sigurado, pero pipilitin daw niya.” Ngumiti ito.

Napataas ang kilay ni Selinda, nawalan siya ng gana sa salad at padabog na iniwan ang silya.

Nagulat si Felix nang masilayan ang nakakaakit na mukha ni Selinda pagbukas ng pinto ng apartment nito. Hindi tulad ni Martin, nanatili ang lalaki sa

Maynila at sa *De La Salle* napiling mag-aral.

“Hey, Selinda baby.” Napangiti ito at aabutin sana siya.

Iniharang niya ang kamay niya at napangiwi nang mapansing wala itong pang-itaas. Sinipat niya ang apartment at nahagip ng tingin ang kuwarto at kama nito. Nakita niya ang babaeng nakaupo at nakatapis lang ng kumot.

“Mukhang naistorbo kita kaya di na ako magpapaligoy-ligoy. I need you to escort Marie, huwag mong hahayaang may ibang mag-escort sa kanya.” Parang commandant siya na nag-uutos lang sa kadete.

Tigagal si Felix. “Ano? Pinuntahan mo lang ako dito para sabihin yan?” Natawa ito pagkatapos.

“Bakit, hindi mo ba gusto?” Itinaas niya ang kilay.

“Ha? Gusto. Nag-text ako sa kanya, pero ayaw. Tinanggihan ako. Si Martin tumawag sa 'kin, magbabakasyon daw siya at siya daw ang escort ni Marie.”

“Papayag ka n'un?” Napailing-iling siya. “I didn't know na madali ka palang sumuko sa babae. I know for a fact that you like Marie noong seniors pa lang

kayo ni Martin. Magpapatalo ka sa best friend mo?" hamon niya.

"Hey! It's not like that at all." Napamaang ito at kunot-noong nagpatuloy. "Teka nga, ba't ka ba concerned sa issue na ito? Kung wala kang escort p'wede ako. Kung 'yun ang talagang pakay mo." Ngumisi ito. "You're prettier than Marie, and I like you better than her."

Napailing si Selinda. "Tigilan mo nga ako. Bahala ka, nag-aalala lang ako sa inyo ni Martin. Wala talaga kayong kaalam-alam, ano?" pamistryoso niyang dagdag.

"What are you trying to say, Selinda?" anito.

"You wouldn't believe me, kaya never mind. Goodbye," kunwa'y nagtatampo niyang arte at umaktong tatalikod.

Pinigilan siya ng isang kamay nito.

"Baby, you know something, so tell me." Nakikiusap ang titig nito sa kanya.

"Enough with the 'baby'," maasim na saway niya. Lihim siyang napangiti. "Marie isn't the angel you think she is, kailangan mong protektahan ang best friend mo. I heard may niluluto siyang plano, at bago

pa niya masakatuparan iyon, we need to stop her. Felix, balak niyang buyuin si Martin at the night of our ball, sisiluhin niya ang kaibigan mo. I don't exactly know how she plans to do it. Siguro, lalasingin niya, palalabasin na may nangyari sa kanila at pipilitin si Martin na pakasalan siya. She's crazy! Kaya kung gusto mong mapasaiyo si Marie, may plano ako."

"You sound like a trashy soap!" Natawa pa si Felix. "Selinda, 'wag mong sabihing sumusinghot ka ng bawal na gamot?" Hahawakan sana nito ang pisngi niya.

Pinalis niya ang kamay nito. "You will regret this chance," aniya at umalis na.

Matamis ang ngiti ni Martin nang masilayan si Marie. Isang lampas-tuhod na strapless ivory flare dress ang suot nito. Wala itong kahit na anong palamuti sa katawan, nakalugay ang mahaba nitong buhok, at light foundation at lip gloss lang ang makeup nito.

Kahit napakasimple nito, she looked stunning.

"You're very pretty, Marie," anas niya nang makalapit ito. Iginiya niya ito patungo sa kotse. Niregaluhan siya ng isang bagong *Honda Civic* ng

ama noong high school graduation niya.

Namula ang dalaga at napayuko.

“Salamat.” Ngumiti ito sa kanya.

Bago niya pinaandar ang kotse ay tinitigan niya ang katabing dalaga na nasa passenger seat. Inabot niya ang itinagong maliit na box at binuksan iyon sa harap nito.

Gulat na napamaang ito. “A necklace?” lito nitong pahayag.

“Yes, a necklace formed like a star for you. Regalo ko sa 'yo.”

“Bakit? Naku! 'Wag na, ibenta n'yo na lang 'yan,” tugon nito.

Natawa siya. “Hindi, para talaga ito sa 'yo. Advance gift ko dahil baka wala ako sa Pilipinas sa graduation mo. At dahil gusto kong malaman mong espesyal ka sa 'kin, Marie,” saad niya.

Isinuot na niya rito ang kuwintas at niyakap niya ito nang aminin nitong espesyal din siya para rito.

Ang tagal nila, inis na naisaloob ni Selinda.

May balak yatang mag-grand-entrance sina Martin at Marie, katulad ng mga napapanood niya sa pelikula tuwing a-attend sa kasayahan ang mga bida.

Pasipol-sipol lamang na sumisipsip si Felix ng soft drink sa tabi niya. Mamula-mula ang mga mata nito, halatang nakainom nang kaunti bago nagtungo sa venue.

Tama 'yan, he needed that dose of liquor para hindi matakot mamaya na parang tuta sa plano nila.

Pinalis niya ang malikot nitong kamay na kanina ay nakahawak sa baywang niya ngunit dumadako na ngayon sa hita niya. Matalim niya itong tinitigan at pagkuwan inayos ang eleganteng red-tiered gown na suot. Hapit na hapit iyon sa katawan niya. Ipinasadya pa iyon ng ina niya sa isang sikat na fashion designer.

“Selinda, sigurado ka ba dito?” anas ni Felix, kita ang paghihirap ng kalooban. “I’m feeling a bit guilty.”

Naitaas niya ang kilay. “Ikaw? Magi-guilty?” Natawa siya. “Don’t tell me aatras ka? You want her badly, Felix, aminin mo,” panggagatong niya. “And speaking of her...”

“What?” tila inip nitong tanong.

“Any moment, she’ll be trapping your friend,”

bulong niya. Inginuso niya rito ang bagong pasok na si Marie.

Kumikinang ang mga mata ng dalaga habang nakahawak sa braso si Martin.

“This is a surprise,” ani Martin nang makita ang best friend na si Felix kasama si Selinda. “So, you two are getting along?” Mapanuri ang tingin nito sa dalawa.

Masama ang tingin na ibinalik ni Selinda kay Martin, hindi niya mapigil ang mga imaheng nag-flashback sa utak niya. Ang ginawa nito sa open field noon at lalung-lalo na noong graduation ng batch nito.

“Yeah, sort of,” malabong sagot ni Felix. Inakbayan pa siya nito. “Lucky you to be able to escort this pretty lady!” tukoy nito kay Marie na gumanti ng naiilang na ngiti.

“Hmm, maganda ang suot mo, sino’ng designer niyan?” Pekeng nginitian niya si Marie.

Natulala lang ang dalaga sa tanong niya at namula.

“May kapareha kasing design iyan na on-sale

sa isang boutique, outdated na kasi.” Idiniin niya ang ‘on-sale’. “Anyway, the music’s finally started, so let’s get dancing. Una na kami,” pahayag ni Selinda at iginiya na si Felix palayo sa napamaang na sina Martin at Marie.

“Selinda, you didn’t have to do that!” pagmamaktol ni Felix.

“Bakit, totoo namang may nakita akong gan’un sa mall, ha? Sa surplus section, at ‘yung sandals niya halatang binili lang kung saan!”

Napailing ang lalaki, hindi alam kung maiinis o matatawa sa tinuran ng kaharap, bakas na bakas kasi ang insecurity nito kay Marie.

“Oh, ba’t ka nakabungisngis diyan? Matyagan na natin sila, para maka-timing tayo,” anas ng dalaga, ibinalik ang ngiti.

“Nahihilo yata ako, Felix.” Nasapo ni Marie ang ulo habang kasayaw ang lalaki.

Kani-kanina lamang ay nagpaalam si Felix kay Martin na hihiramin ang kasayaw, kahit may pag-aatubili ay pumayag din ang dalaga.

Nakita niya ang pagpigil ni Marie na ipikit ang

mga mata nito. Tumatalab na ang gamot, umaayon sa plano. Nang makahanap sila ng tiyempo ay parang santa na lumapit si Selinda kanina kay Marie, nag-emote ito at nag-sorry. Nag-offer din ito ng juice sa dalaga, na walang tanong na ininom ni Marie.

“Siguro nga. Halika, magpahangin muna tayo sa labas para mawala ’yan, para mahimasmasan ka.”

“Huwag na, babalik na ako kay Martin—”

Pinigil niya ito at hinawakan sa kamay. “Marie, may kailangan kang malaman tungkol kay Martin, kaya lumabas muna tayo. At saka may gamot ako sa hilo, kukunin ko sa kotse.” May ilang segundo siyang tinitigan nito.

“Ano’ng tungkol kay Martin?” May takot sa mga mata nito.

Hindi niya ito sinagot at hinila ito palabas ng hall. Nilingon muna niya si Selinda na kinindatan siya; nakatalikod si Martin at kasalukuyang dini-distract ni Selinda.

“Feeling better?” tanong ni Felix kay Marie, nasa labas na sila ng bulwagan.

“Hindi, eh.” Sapo pa rin nito ang noo. Nasa pasilyo sila na nakaharap sa open field. Sa di kalayuan, naka-

park ang iilang kotse; sa kanan, babagtasin lamang ang comfort room. “Felix, ano ba ’yung sasabihin mo? Sabihin mo na para makabalik na tayo,” anito.

“Mamaya na, kunin muna natin ’yung gamot sa hilo sa kotse...” Hinila niya ito.

Iwinaksi nito ang kamay niya. “Ayoko,” tanggi nito. “Dito lang tayo.”

Napansin ni Felix ang pagbagsak ng mga mata nito, alam niyang pilit nitong nilalabanan iyon.

“Halika na nga sabi,” matigas na pahayag niya at marahas nang hinablot ang braso nito.

“Ayoko!” Mahina ngunit mapangahas na ang tinig ni Marie. Niyapos niya ito at ang natitira pa nitong lakas ay ginugol nito upang manlaban at kumalas sa kanya. Nang pangkuin niya ito ay tuluyan nang sumara ang mga mata nito, tuluyan na itong nawalan ng malay.